# BIBLE STUDY

## SMALL GROUP SESSION

PAGTUKLAS PAG-UNAWA PAGTUGON

ABRIL 16-22, 2023

## Efeso 4:1-16



# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

## Efeso 4:1-16

**PAGTUKLAS**

**PAG-UNAWA**

**PAGTUGON**

# Efeso 4:1-16

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

## Ang Pagkakaisa sa Espiritu

1 Kaya't ako, na isang bilanggo dahil sa Panginoon, ay
nakikiusap sa inyo na mamuhay kayo gaya ng nararapat sa
mga tinawag ng Diyos. 2 Kayo'y maging
mapagpakumbaba, mahinahon at matiyaga. Magparaya
kayo dahil sa inyong pagmamahal sa isa't isa. 3 Sikapin
ninyong mapanatili ang pagkakaisang mula sa Espiritu, sa
pamamagitan ng kapayapaang nagbubuklod sa inyo.

# Efeso 4:1-16

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

4 May iisang katawan at iisang Espiritu, kung paanong may
iisang pag-asa na para doon kayo'y tinawag ng Diyos. 5
May iisang Panginoon, iisang pananampalataya at iisang
bautismo, 6 iisang Diyos at Ama nating lahat. Siya ay higit
sa lahat, kumikilos sa lahat, at nananatili sa lahat.

7 Ang bawat isa sa ati'y nakatanggap ng tanging kaloob,
ayon sa sukat na ibinigay ni Cristo.

# Efeso 4:1-16

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

8 Ganito ang sinasabi ng kasulatan:

"Nang umakyat siya sa kalangitan,
nagdala siya ng maraming bihag,
at nagbigay ng mga kaloob sa mga tao."

9 Anong ibig sabihin ng "umakyat siya"? Ang ibig sabihin
niyan ay bumabâ muna siya sa mga kailalimang bahagi ng
lupa.

# Efeso 4:1-16

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

10 Ang bumabâ ay siya rin namang umakyat sa kaitaasan
ng kalangitan upang mapuno ng kanyang presensya ang
buong sangnilikha. 11 At binigyan niya ang ilan ng kaloob
upang maging mga apostol, ang iba nama'y mga propeta,
ang iba'y mga ebanghelista, at ang iba'y mga pastor at mga
guro. 12 Ginawa niya ito upang ihanda sa paglilingkod ang
lahat ng mga hinirang, upang maging matatag ang
katawan ni Cristo,

# Efeso 4:1-16

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

13 hanggang makarating tayo sa pagkakaisa ng
pananampalataya at pagkakilala sa Anak ng Diyos, at
maging ganap ang ating pagkatao ayon sa pagiging-ganap
ni Cristo. 14 Nang sa gayon, hindi na tayo magiging tulad
sa mga batang madaling matangay ng sari-saring aral.
Hindi na tayo maililigaw ng mga taong ang hangad ay
dalhin tayo sa kamalian sa pamamagitan ng kanilang
katusuhan at panlilinlang.

# Efeso 4:1-16

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

15 Sa halip, sa pamamagitan ng pagsasalita ng
katotohanan sa diwa ng pag-ibig, tayo'y dapat maging
lubos na katulad ni Cristo na siyang ulo nating lahat. 16 Sa
pamamagitan niya, ang buong katawan ay pinag-uugnay-
ugnay ng mga kasukasuan na mula rin sa kanya. At kung
maayos na gumaganap ng tungkulin ang bawat bahagi,
lumalaki ang katawan at pinapatatatag nito ang sarili sa
pamamagitan ng pag-ibig.

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

Gagamitin ko ang mga kaloob sa akin ng Diyos para patibayin ang iba na maging lalong katulad ni Kristo hanggang sa makamit natin ang pagkakaisa sa pananampalataya.



Anu-anong mga katangian ang makikita sa isang buhay na karapat-dapat sa pagkatawag ng Diyos? (v.2)

Efeso 4:1-16

PAGTUKLAS 1

# Anu-anong kaloob ang binigay ni Kristo sa simbahan? (v.11)

Efeso 4:1-16

PAGTUKLAS 2

# Para saan natin dapat gamitin ang mga kaloob na natanggap natin mula sa Diyos? (v.12-13)

Efeso 4:1-16

**PAGTUKLAS** 3

# Sa ano tayo ikinumpara hanggang maging mature tayo sa pananampalataya? (v.14)

Efeso 4:1-16

**PAGTUKLAS** 4

# Ano ang dapat nating gawin at maging? (v.15-16)

Efeso 4:1-16

**PAGTUKLAS** 5


Bakit importante ang pagkakaisa sa simbahan?
Efeso 4:1-16
PAG-UNAWA
1

# Bakit ang kababaang-loob ang unang nabanggit sa mga katangian?

Efeso 4:1-16

**PAG-UNAWA 2**

# Ano ang HINDI natin dapat gawin sa tinanggap nating mga kaloob mula sa Diyos?

Efeso 4:1-16

**PAG-UNAWA 3**

Sa mga katangiang nabanggit (kababaang-loob, pagkamaamo, mapagpasensya), sa alin ka pinakanahihirapang ipakita? Bakit?

Efeso 4:1-16

**PAGTUGON**

1

Ano ang iyong mga espiritwal na kaloob at paano mo ito ginagamit para patatagin ang katawan ni Kristo tungo sa pagkakaisa at pagiging katulad ni Kristo?

2

Efeso 4:1-16

**PAGTUGON**

Magsabi ng kahit isang aksyon na kaagad mong sisimulan para itaguyod ang pagkakaisa sa simbahan. Mayroon bang aksyon na iyong ititigil?  o itutuloy?


Efeso 4:1-16

PAGTUGON 3


## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

# Gagamitin ko ang mga kaloob sa akin ng Diyos para patibayin ang iba na maging lalong katulad ni Kristo hanggang sa makamit natin ang pagkakaisa sa pananampalataya.









# MAHALAGANG
## PRINSIPYO SA BUHAY
Efeso 4:1-16

**PAGTUKLAS**

**PAG-UNAWA**

**PAGTUGON**


Small Group Sessions
CLOSING PRAYER

# BIBLE STUDY

## SMALL GROUP SESSION

PAGTUKLAS PAG-UNAWA PAGTUGON

SEE YOU NEXT WEEK!

**Efeso 4:1-16**


KBCF
Kamuning Bible Christian Fellowship
KBCF
#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines
Worship Service Schedule: 9am
Livestream: Facebook and YouTube
kbcf.org.ph
KBCFofficial
KBCFamily
kbcf.office@gmail.com
0917-886-6650
8927-7420 | 8928-6584